# "Pagbuo ng moldura"

Ang mga importanteng payo para sa Kaligtasan at kalusugan


# Pangunahing kwalipikasyon at iba pa

## (1) Pagtatrabaho gamit ang crane, pag-sling

### 1. Kwalipikasyon para sa pagmamaneho ng mga truck crane (mobile crane)

Ang pagpapaandar ng load-type truck crane ay maaari lang gawin ng isang taong may kwalipikasyon ayon sa pag-angat ng karga.


| | Lisensiya | Pagsasanay sa kasanayan na kurso | Natatanging edukasyon |
|---|---|---|---|
| Ang paggamit ng mga mobile crane na magbubuhat ng mga karga na 5 tonelada o higit pa | ○ | | |
| Ang paggamit ng mobile crane na magbubuhat ng mga karga na m1 tonelada o humigit-kumulang na mas mababa sa 5 tonelada | ○ | ○ | |
| Ang paggamit ng mobile crane na magbubuhat ng mga karga na mababa sa 1 tonelada | ○ | ○ | ○ |



## (2) Kwalipikasyon para sa trabahong pag-sling

Ang sumusunod na mga kwalipikasyon ay kailangan kapag nagsasagawa ng pag-sling.


| | Pagsasanay sa kasanayan na kurso | Natatanging edukasyon |
|---|---|---|
| Ang paggamit ng mga mobile crane na magbubuhat ng mga karga na 1 tonelada o higit pa | ○ | |
| Ang paggamit ng mobile crane na magbubuhat ng mga karga na mababa sa 1 tonelada | ○ | ○ |




* Ang “**pagbuhat ng karga**” ay hindi ang bigat ng nakabiting karga, kundi ang pagbubuhat ng karga ng ginamit na crane o mobile crane.

## (3) Sa trabaho na gumagamit ng crane, hindi pinapayagan ang pagpunta sa ilalim ng mga nakabiting karga


### Mga Pangunahing Kaalaman



1. Anumang trabaho kung saan dumadaan ang binubuhat sa itaas ng ulo ng isang tao ay maaaring maging sanhi ng pagbagsak. Labis itong ipinagbabawal.
2. Upang matiyak ang kaligtasan ng mga trabahador at ang kapaligiran, kailangang maglagay ang naatasang pinuno ng operasyon ng mga pagbabawal sa pasukan ng lugar ng trabaho.

### Mga bagay na susundan


1. Maglagay tayo ng tagabantay na susubaybay sa buong lugar na pinagtatrabahuhan.
2. Maglagay tayo ng pamprotektang bakod sa paligid ng mabigat na makinarya.
3. Ipasya ang lugar kung saan bawal pumasok at pigilan ang pagpasok ng mga tao dito.



## (4) Paggamit ng forklift


Ang pagpapaandar ng forklift ay nangangailangan ng mga espesyal na kwalipikasyon.


| | Pagsasanay sa kasanayan na kurso | Natatanging edukasyon |
|---|---|---|
| Pagpapaandar ng forklift na may maximum load na 1tonelada o higit pa | ○ | |
| Pagpapaandar ng forklift na may maximum load na mas mababa sa 1 tonelada | ○ | ○ |



### Mga bagay na susundan


1. Huwag basta-basta pupunta sa dinadaanan ng forklift.
2. Huwag pupunta sa harap o likod ng forklift.
3. Huwag magtrabaho sa fork.
4. Huwag magtrabaho sa ilalim ng fork.





## (5) Aerial work na sasakyan

Ang sumusunod na mga kwalipikasyon ay kailangan para mapaandar ang mga tungtungan ng trabaho (o working deck) na naingat (aerial work platform).




| | Pagsasanay sa kasanayan na kurso | Natatanging edukasyon |
|---|---|---|
| Pagmamaneho ng sasakyang may yunit na pang-angat sa trabahador na may working deck height na 10m o higit pa | ○ | |
| Pagmamaneho ng sasakyang may yunit na pang-angat sa trabahador na may taas ang tungtungan na mas mababa sa 10m | ○ | ○ |

### Mga bagay na susundan

1. Mag-inspeksyon muna tayo bago simulan ang pagtatrabaho gamit ang inspection sheet.
2. Lumipat matapos ibaba ang working deck sa pinakamababang posisyon.
3. Gumamit ng personal na sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog (safety belt) sa tungtungan ng trabaho.
4. Ipinagbabawal ang paglipat sa pagitan ng mga sasakyang may yunit na pang-angat sa trabahador.
5. Siguraduhin na diretso ang pagkakalatag ng tungtungan ng trabaho sa paanan ng work vehicle.

## (6) Pagtatrabaho sa flatcar



### Mga bagay na susundan


**[kapag ginagamit]**

1. Sundin ang pinapahinutulutang timbang at ikarga nang pantay, upang hindi tatabingi tulad ng pagkarga ng mas mabigat ang kabilang panig o iisang lugar lamang.
2. Mag-ingat nang mabuti kapag nabibiyahe sa mga dalisdis o mga hagdan. Huwag gagamitin sa malambot na lupa.
3. Itali ang binubuhat gamit ang cuneus o lubid. Huwag hahawakan kapag ibinibiyahe.
4. Huwag hihilahin o itulak kapag gumagalaw.
5. Huwag gagamitin sa mga lugar na hindi patag o itutulak sa mga sahig na may mga nakausli.

**[Kapag humihinto]**

1. Huwag kailanman hihinto sa dalisdis.
2. Siguraduhing nakapirme ang mga gulong kapag hindi gumagalaw ang flatcar.
3. Ikarga at idiskarga ang mabibigat na bagay nang may kasama na higit sa dalawang tao.

## (7) Suporta sa formwork




### (Pinuno ng operasyon para sa pagbuo ng suporta sa formwork, atbp.)

Ang pagkakabit-kbit at pagbabaklas ng formwork support ay isinasagawa sa ilalim ng mga tagubilin ng pinuno ng operasyon para sa formwork support assembly, atbp.

### Mga bagay na susundan

1. Kung may kulang sa formwork support plan o may problema sa konstruksiyon, maaari itong humantong sa pagkahulog o pagbagsak, na humahantong sa napakamapanganib na aksidente.
2. Unawain natin ang pamamaraan ng trabaho at ang trabaho sa ilalim ng direksyon ng pinuno ng operasyon.

## (8) Kakulangan ng oxygen/Hydrogen sulfide mapanganib na trabaho, atbp.

Ang mga sintomas na gaya ng kakulangan ng oxygen ay maaaring mangyari sa mga saradong lugar tulad ng butas, na maaaring humantong sa napakamapanganib na sitwasyon. Kapag nagtatrabaho sa ganitong lugar, kailangang makatanggap ng natatanging edukasyon tungkol sa hypoxia.



### Mga bagay na susundan

1. Matapos kumpirmahin ang pamamaraan ng trabaho, maghintay ng mga tagubilin mula sa pinuno ng operasyon tungkol sa kakulangan ng oxygen/hydrogen sulfide.
2. Pinahihintulutan lamang ang pagpasok sa butas matapos kumpirmahin na ang resulta ng pagsukat sa konsentrasyon ng oxygen ay nasa mabuting kondisyon mula sa pinuno ng operasyon ng kakulangan ng oxygen/hydrogen sulfide.
3. Kapag pumapasok, siguraduhing mag-install ng blower para sa bentilasyon upang palaging umiikot sa butas ang hangin mula sa labas.
4. Huwag kailanman magtatrabaho nang mag-isa. Siguraduhing magtrabaho nang may kasamang (mga) katrabaho.